

Mga Pamamaraan ng Pagreklamo sa Ilalim ng Title VI

Ang sinumang taong naniniwalang sumailalim sila sa diskriminasyon ng mga programa o aktibidad ng Lungsod dahil sa kanyang lahi, kulay ng balat, o bansang pinagmulan ay maaaring magsampa ng nakasulat na reklamo sa ilalim ng Title VI sa Title VI Coordinator ng Lungsod ng San Diego sa loob ng 180 araw ng sinasabing (mga) pagkilos na nagdidiskrimina.

Makukuha ang [form ng reklamo](#) online sa www.sandiego.gov/TitleVI. Ang mga reklamo ay dapat malagdaan at maisumite sa paraang nakasulat gamit ang isa sa mga paraan ng pakikipag-ugnayan na ibinibigay sa ibaba. Kung ang reklamo ay isinumite sa pamamagitan ng telepono, lubos na pagsusumikapan ng mga kawani ng Lungsod na isulat ang alegasyon sa form ng reklamo at ibigay ito sa nagrereklamo para makumpirma o marebisa at malagdaan bago iproseso. Kung isinumite sa pamamagitan ng email, dapat kasama sa email ang nilagdaan at pinetsahang reklamo bilang kalakip. Ang sinumang taong nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon ay maaaring makipag-ugnayan sa Title VI Coordinator para makakuha ng tulong sa pagsasampa ng reklamo.

Maaaring isumite ang mga reklamo sa Title VI Coordinator ng Lungsod gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan ng pakikipag-ugnayan:

Koreo ng U.S.: Title VI Coordinator
202 C Street, MS 8A
San Diego, CA 92101

Email: titlevi@sandiego.gov

Fax: 619-533-3320

Telepono: 619-629-9073

Ipoproseso ng Title VI Coordinator ng Lungsod ang mga reklamong natanggap sa loob ng 180 araw pagkatapos ng diumanong (mga) pagkilos na nagdidiskrimina. Ipoproseso lamang ng Title VI Coordinator ang mga reklamong kumpleto, na kinabibilangan ng, sa pinakamababa, ang mga sumusunod:

- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng nagrereklamo;
- (Mga) petsa ng diumanong (mga) pagkilos na nagdidiskrimina;
- Mga detalye ng diumanong diskriminasyon;
- Pagtuloy sa tagatugon (hal., responsable ang departamento ng Lungsod sa diumanong diskriminasyon);
- Batayan para sa reklamo (hal., lahi, kulay, o bansang pinagmulan); at
- Lagda ng nagrereklamo o kinatawan ng nagrereklamo.

Pagkatapos matanggap ang reklamo, itatala ito ng Title VI Coordinator sa talaan ng reklamo at ipapadala ito sa Caltrans Office of Civil Rights (OCR, Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil). Pagkatapos matanggap ang reklamo, pagpapasyahan ng OCR kung aling pederal na namamahaling ahensya ang may hurisdiksyon para imbestigahan/iproseso ang reklamo gaya ng nakabalangkas sa sumusunod na pahina.

Mga Reklamo sa Title VI na Ipinoproseso sa Ilalim ng Federal Highway Administration (FHWA, Pederal na Pangasiwaan ng Lansangang-Bayan)

Alinsunod sa Memorandum ng Gabay ng FHWA, *Pagproseso ng mga Reklamo sa Title VI*, na pinetsahan noong Hunyo 13, 2018, ang lahat ng reklamo sa Title VI na natanggap ng sub-recipient (hal., ang Lungsod ng San Diego) ay ipapadala sa Caltrans para maisumite sa FHWA California Division Office. Kung napagpasyahan ng Punong-tanggapan ng Office of Civil Rights (HCR) ng FHWA na ang isang reklamo sa ilalim ng Title VI laban sa isang sub-recipient ay maaaring imbestigahan ng Caltrans, maaaring italaga ng HCR ang gawain ng pag-iimbestiga sa reklamo sa Caltrans.

Mga Reklamo sa Title VI na Ipinoproseso sa Ilalim ng Federal Transit Administration (FTA, Pederal na Pangasiwaan ng Pampublikong Transportasyon)

Ang mga reklamo sa Title VI na isinampa sa Caltrans laban sa isang sub-recipient ay iimbestigahan ng Caltrans. Kung ang reklamo ay isinampa sa sub-recipient, ang sub-recipient ay responsable para sa pag-iimbestiga ng reklamo alinsunod sa FTA Circular 4702.1B. Inirerekomenda ng FTA, ngunit hindi iniaatas, na ang mga indibidwal ay direktang magsampa muna ng reklamo sa kanilang tagapagkaloob ng pampublikong transportasyon upang mabigyan ang tagapagkaloob ng pagkakataon na lutasin ang sitwasyon. Ang mga ginawaran ng FTA ay kailangang magkaroon ng mga lokal na pamamaraan sa pagrereklamo.

Proseso ng Imbestigasyon ng Caltrans Office of Civil Rights

Kung itinalaga sa OCR ang responsibilidad ng pagsasagawa ng imbestigasyon, may 90 araw ang OCR para imbestigahan ang reklamo. Kung nangangailangan ng dagdag na oras, tatawagan ng OCR ang nagrereklamo at ipapaalam sa kanya.

Kung kailangan ng higit pang impormasyon para maresolba ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang imbestigador ng OCR sa nagrereklamo. Ang nagrereklamo ay may sampung araw ng negosyo mula sa petsa ng sulat para ipadala ang hiniling na impormasyon sa imbestigador na nakatalaga sa kaso.

Kung hindi kinontak ng nagrereklamo ang imbestigador o hindi nakatanggap ng karagdagang impormasyon sa loob ng sampung araw ng negosyo, maaari ng isara ng OCR ang kaso. Maaari ring isara ng OCR ang kaso kung hindi na gusto ng nagrereklamo na ipursigi ang kanyang kaso.

Kokonsulta ang OCR sa HCR tungkol sa disposisyon ng reklamo. Magsasagawa ang HCR ng disposisyon ng reklamo sa pamamagitan ng alinman sa (1) *hindi pormal na resolusyon* o (2) *paglabas ng Letter of Finding (Liham ng Paghahanap) ng pagsunod o hindi pagsunod sa Titulo VI*. *Ipapadala ang kopya ng Letter of Finding sa lahat ng panig sa pamamagitan ng FHWA California Division Office.*

Maaari ring direktang maghain ng reklamo ang isang indibidwal sa:

Federal Highway Administration
U.S. Department of Transportation
Office of Civil Rights
1200 New Jersey Avenue, SE
8th Floor E81-105
Washington, DC 20590

Federal Transit Administration
Civil Rights Division
Attention: Complaint Team
East Building, 5th Floor – TCR
1200 New Jersey Avenue, SE
Washington, DC 20590